
dahil sa halamang ito?" Sumagot si
Jonas: "Oo, at sapat na ang galit ko para
naising mamatay."
[10] Sumagot si Yawe: "Naliligalig ka
dahil sa isang halaman na di mo naman
pinagpaguran o pinatubo. Sumibol ito sa
loob ng isang magdamag at namatay sa
loob ng isang magdamag din.
[11] Ngunit may higit sa sandaa't dala-
wampung libong tao ang Ninive at hindi
nila mapag-iba ang kanilang kanan sa
kaliwa, at marami ring hayop. Hindi ba
ako magmamalasakit sa malaking siyu-
dad na ito?"



# MIKEAS

Kapanahon ni Isaias si Mikeas. Nagsalita siya tungkol sa parehong mga sitwasyon, pero madali pa ring paghambingin ang dalawa: tagabukid si Mikeas at may pinag-aralan naman at kilala si Isaias.

Taga-Moreset si Mikeas, isang nayon sa may hangganan ng kapatagan na dinaraanan ng lahat ng hukbo ng Asiria at Ehipto. Alam niya ang mga paghihirap at mga pagkawasak na hatid ng digmaan, pati ang pagsasamantala sa mga magbubukid. Isang araw, tinawag siya ng Diyos at binigyan ng *lakas, katarungan at tapang* para simulang ilantad at tuligsain ang mga kasalanan ng Israel. Nagsalita siya sa ngalan ng Diyos na walang sinumang nagmamahal, at buong dahas na inilantad at binatikos ang ginagawang mga pang-aapi sa lahat ng lugar.

Ilan sa mga salitang sinabi ni Mikeas para sa Israel na nalalapit na ang pagkawasak, ang binago paglipas ng ilang panahon para iayon sa kalagayan ng Jerusalem at ng kaharian ng Juda nang ang mga ito ay nahaharap din sa katulad na krisis.

**1** [1] Ito ang salita ni Yawe na dumating kay
Mikeas ng Moreset sa panahon ng pagha-
hari nina Yotam, Ahaz at Ezekias sa Juda – sa
mga pangitain tungkol sa Samaria at Jerusalem.

**Laban sa Samaria at Jerusalem**

• [2] Makinig ang lahat ng bayan, makinig ang
lupa at lahat ng naroon. Sumaksi nawa si
Yaweng Panginoon laban sa inyo mula sa kan-
yang banal na templo.
[3] Dumarating nga si Yawe mula sa kanyang
lugar, nananaog siya at nilalakad ang mga kai-
taasan ng lupa.
[4] Sa kanyang paana'y natutunaw ang mga
bundok at nabibiyak ang mga lambak, parang
kandila sa apoy, parang tubig na umaagos sa
libis.
[5] Dahil sa pagkakasala ni Jacob ang lahat ng
ito, dahil sa kasalanan ng bayang Israel. Ano
ang pagkakasala ni Jacob? Hindi ba ang Sama-

• **1**.2 Iiwan na ni Yawe ang Templo ng Jerusalem na kinaroroonan niya; tagung-tago kayat nakalimutan na siya ng lahat.

1:5: Ang unang kasalanan ng mga kaharian ng Israel at Juda ay nasa mga kapitolyo nila. Ang mga ito ang mga siyudad na lumamon sa mga bayan. Naroon ang mga nabubuhay sa pagsasamantala sa magbubukid at doon ginagawang maluluhong mga palasyo ng iilan ang mga yaman ng lupa.

Sapat nang tingnan natin ngayon ang mga kapitolyo ng ilang bansa para patunayan ang sinasabi ni Mikeas: ang yaman ng bayan ay inaaksaya lamang at inuubos

ria? Ano ang kasalanan ng Juda? Hindi ba ang
Jerusalem?
6 Kaya gagawin kong bunton ng guho ang
Samaria, isang lugar para taniman ng ubas. Pa-
gugulungin ang kanyang mga bato pababa sa
lambak at ilalantad ang kanyang mga pundasyon.
7 Dudurugin ang kanyang mga estatwa at
sisilaban ang karumal-dumal niyang mga
diyus-diyusan. Itatambak kong basura ang
lahat niyang diyus-diyusan pagkat sa kita ng
mga babaeng bayaran iyon nayari; at sa upa sa
mga babaeng bayaran iyon mauuwi.
8 Kaya iiyak ako at tatangis, maglalakad na
yapak at hubad. Aalulong akong parang asong-
gubat at mananaghoy na parang kuwago. 9 Sa-
pagkat di na gagaling ang kanyang sugat; na-
karating ito hanggang Juda, hanggang Jeru-
salem na kabisera ng aking bayan.
10 Huwag itong ibalita sa Gat o manangis sa
Aco. Magpagulung-gulong sa alikabok sa Bet-
lefra. 11 Taga-Safir, tugtugin ang trumpeta, at
huwag palisanin ang taga-Sanan. Magluksa, Bet
Ezel: nawalan ka ng mga kayamanan.
12 Manginginig nga ang taga-Marot kapag
pinarating ni Yawe ang kapahamakan sa mga
pintuan ng Jerusalem.
13 Isingkaw ang mga kabayo sa karwahe,
ikaw na taga-Lakis. Sa iyo natagpuan ang pag-
hihimagsik at ikaw ang simula ng pagkakasala
ng Dalagang Sion. 14 Kaya magpipiyansa ka sa
Moreset-Gat. Mandaraya sa mga hari ng Israel
ang Bet Aksib.
15 Muli kong ipadadala ang manlulupig sa iyo,
taga-Maresa, at pupunta sa Adulam ang kalu-
walhatian ng Israel.
16 Ahitin ang iyong buhok dahil sa mga anak
mong iyong ikinalulugod, magpakalbong pa-
rang buwitre sapagkat sila'y itinapon.

**Laban sa mayayaman**

**2** • 1 Kawawa ang mga nagbabalak ng
katampalasanan, ang mga nagpa-
plano ng kasamaan sa kanilang higaan!
Kinaumagaha'y ginagawa nila iyon pag-
sapit ng pagkakataon.
2 Pag pinagnasahan nila ang mga bu-
kid, kinakamkam ang mga iyon. Gusto ba
nila ng bahay? Kinukuha nila iyon. Sina-
samsam nila ang may-ari at ang kanyang
sambahayan, ang tao at ang kanyang ari-
arian.
3 Kaya nagsasalita si Yawe: "May bina-
balak akong masama laban sa mga taong
ito, at walang leeg na maliligtas. Hindi na
kayo makalalakad pang taas-noo pagkat
magiging panahon ito ng kapahamakan."
4 Magiging isang halimbawa kayo sa
araw na iyon at pagtatawanan sa puneb-
reng ito: "Inagawan kami ng ari-arian sa
sarili naming lupa. Sino'ng magpapalayas
sa tampalasang namahagi ng aming mga
lupain?"
5 Wala ngang makukuhang sinuman sa
Kapulungan ni Yawe na mag-iingat ng
lupa para sa inyo. 6 Ano'ng sasabihin
ninyo tungkol dito? Sapagkat walang
sagot. Hindi lilipas ang kahihiyan; 7 ha-
hampasin ng salitang ito ang bansa ni
Jacob.
Sinasabi nila: "Nanghina ba ang lakas
ni Yawe? Ganito ba ang paraan niya? Wala
ba siyang masasabing mabuti para sa
kanyang bayang Israel?"
8 Ngunit kayo ang mga kaaway ng
aking bayan. Hinuhubaran ninyo na pa-
rang nasa digmaan ang mga panatag na
nagdaraan, 9 pinalalayas ninyo ang kaba-
baihan ng aking bayan sa mga tahanang
minamahal nila, ninanakaw ninyo sa ka-
nilang mga anak ang walang hanggan
kong pagpapala.
10 Pakinggan ito ngayon: Tumindig
kayo! Lumakad! Pagkat tapos na ang
pahinga para sa inyo. Dahil sa inyong

---

sa mga bagay na walang saysay gaya ng mga diyus-diyusan at pagbibili ng sarili ng panahong iyon.

Sa 1:8, *yapak at hubad,* liban sa sako na tanging suot ng mga bihag (tingnan ang Isaias 20).

Sa 1:10, ibinabalita ni Mikeas ang isang bagong pagsalakay, at inilalarawan ito sa paglalaro sa mga pangalan ng iba't ibang yugto sa daan.

• **2.**1 Tinutuligsa niya ang mga mapagsasamantala na laging may legal na mga paraan para agawan ang maliliit at mahihina. Alalahanin natin na may kalipunan na ng mga batas ang Biblia, na mas una pa sa alinmang bayan, para ipagtanggol ang karapatan at buhay ng mga dukha, biyuda at iba pa. Tingnan ang Dt 23:16.

Ang lahat siyempre ay nagagalit sa propeta na gumugulo sa namamayaning pang-aapi.

Malamang na hindi kay Mikeas ang mga bersong 12-13 kundi saka na lamang idinagdag (tingnan ang Ez 34).

mga kasalanan, lalakad kayong naka-
gapos.
11 Kung may dumating na mandaraya
at magsabing: "Alak at serbesa ang ipa-
ngangaral ko sa inyo," siya ang magiging
propeta para sa bayang ito.

**Pang-aliw na salita**

12 Titipunin ko kayo, bayan ng Jacob, at
lilikumin ang nalabi sa Israel. Sama-sama ko
silang titipunin gaya ng tupa sa kural, tulad ng
isang kawan sa pastulan. 13 May mangunguna
sa kanila. Hayan: pinangungunahan sila ng
kanilang hari. Nangunguna si Yawe sa kanila!

**Inaapi ng mga pinuno at mga propeta ang bayan**

**3** • 1 Sinabi ko: Makinig kayo, mga
pinuno ng Jacob, mga namumuno
sa sambahayan ng Israel, hindi ba tung-
kulin ninyong alamin ang matuwid?
2 Ngunit kinamumuhian ninyo ang mabuti
at minamahal ang masama.
Tinatalupan ninyo nang buhay ang
aking bayan at inaalisan ng laman ang
kanilang mga buto. 3 Kinakain ninyo ang
laman ng aking bayan at dinudurog ang
kanilang mga buto, tinatadtad silang pa-
rang karneng lulutuin at gaya ng ulam sa
palayok.
4 Sa kanilang pagsigaw, hindi sasagot si
Yawe; itatago niya ang kanyang mukha
dahil sa masasama nilang gawa.
5 Ito ang sinasabi ni Yawe laban sa mga
propetang nagligaw sa aking bayan: Ang
hula ninyo'y "Kapayapaan" kapag kayo'y
may nakakain, pero sa sinumang walang
maisubo sa inyo, "Digmaan" ang inyong
hula.
6 Kaya daratnan kayo ng gabing walang
pangitain at ng karimlang walang pang-
huhula. Lulubugan ng araw ang mga pro-
peta at magiging madilim ang araw para
sa kanila.
7 Mapapahiya ang mga manghuhula.
Magtatakip sila ng mukha sapagkat wa-
lang sagot mula sa Diyos. 8 Ngunit puspos
naman ako ng lakas, ng espiritu ni Yawe,
ng katarungan at tapang, upang ipahayag
sa Jacob ang kanyang pagsuway, sa Is-
rael ang kanyang pagkakasala.
9 Pakinggan ito, mga pinuno ng bayang
Jacob, mga namumuno sa sambahayan
ng Israel, kayong humahamak sa kataru-
ngan at bumabaluktot sa matuwid, 10 ka-
yong nagtatayo ng Sion sa dugo at ng
Jerusalem sa kasamaan. 11 Tumatanggap
ng lagay ang kanyang mga pinuno sa
paghatol, nagpapabayad ang kanyang
mga pari sa pagpapasya, at naniningil
ang kanyang mga propeta sa panghu-
hula. Ngunit nananangan sila kay Yawe at
nagsasabing: "Hindi ba't nasa piling na-
min si Yawe? Kaya walang kapahama-
kang sasapit sa amin."
12 Kaya dahil sa iyo'y aararuhing pa-
rang bukid ang Sion, at magiging sam-
buntong guho ang Jerusalem at isang gu-
bat na may mga bato ang bundok ng
Templo.

**4** • 1 Sa mga huling araw, ang Bundok ng
Bahay ni Yawe ay ipapatong sa mga bun-

---

• **3.**1 Binabatikos niya ang may mas higit na pana-
nagutan: ang mga nasa kapangyarihan sa bayan at sa
relihiyon.

May mga propeta sa lahat ng dako; naging mga propeta sila gaya ng paghirang sa sinuman sa anumang tungkulin. Tumatanggap sila ng mga personal na pagkonsulta hinggil sa hinaharap at suwerte. Pero wala sa paglalabas sa gipit sa mga taong nagbabayad para sa kanyang karunungan (o panlilinlang) ang tunay na papel ng propeta, kundi nasa paglalantad at pagbatikos sa masama.

Muling inaakusahan ng talata 9-11 ang mga pinuno at mga tauhan sa gobyerno na pakiramdam ay ligtas sa paghihirap at kapahamakang sumasalanta sa bayan. Ang matagal nang pagtitiwala sa Jerusalem na siyudad na pinangangalagaan ni Yawe ang nagtataguyod sa kanilang huwad na kapanatagan: kaya mawawasak ang Jerusalem. At walumpung taon pagkalipas ng sumpang ito, hindi pa rin ito malilimutan ng mga kasamahan ni Jeremias (Jer 26:18).

• **4.**1 *Matutunghayan natin dito ang isang pahayag na kagaya ng nasa Isaias 2:2. Ibinabalita ng talata 9-10 ang Pagkatapon. Kaiba naman ang teksto 11-13 na mas katulad ng mga tula ni Isaias tungkol sa Sion na walang pagkalupig (tingnan ang Is 29:1 at 31:4).*

*Isinasaad sa talata 6-7 ang katiyakan at kapanatagan ng bayan ng Diyos sa gitna ng masasamang puwersa sa daigdig.*

dok upang ito ang maging pinakamataas sa
lahat. 2 Paroroon ang lahat ng bansa at magsa-
sabing: “Tayo na, umahon tayo sa bundok ni
Yawe, sa bahay ng Diyos ni Jacob. Ituturo niya
sa atin ang kanyang mga daan upang maka-
lakad tayo sa kanyang mga landas. Pagkat sa
Sion nanggagaling ang Aral at sa Jerusalem ang
salita ni Yawe.”

3 Huhukuman niya ang mga bansa at isasa-
ayos ang mga bayan. Papandayin nila't gaga-
wing asarol ang kanilang mga tabak, at karit ang
kanilang mga sibat. Wala nang bansang magta-
taas ng tabak laban sa kapwa-bansa. Wala na
ring magsasanay pa para sa digmaan. 4 Ngunit
bawat isa'y malayang mauupo nang panatag sa
lilim ng sarili niyang punong igos o ubas –
pagkat ito ang sabi ni Yawe ng mga Hukbo.

5 Habang lumalakad ang mga bayan sa nga-
lan ng kanilang mga diyos, lalakad naman tayo
sa ngalan ni Yaweng ating Diyos magpakailan-
man.

6 Ipinahahayag ni Yawe: “Titipunin ko sa araw
na iyon ang mga pilay at lilikumin ang mga
itinapon, ang mga pinapagdusa ko. 7 Gagawin
kong nalabi ang mga pilay, isang malakas na
bansa ang mga itinaboy. Si Yawe ang mag-
hahari sa kanila sa Bundok Sion magpakailan-
man.

8 Tungkol naman sa iyo, O toreng bantayan
ng kawan, O kuta ng Sion, siyudad ng hari,
ibabalik ang dati mong kaharian, ang paghahari
ng dalagang Jerusalem.

9 Bakit ka nananaghoy ngayon? Dahil ba sa
wala kang hari at nalipol ang iyong tagapayo?
Bakit ka dumaraing sa sakit gaya ng isang
babaeng nanganganak? 10 Mamilipit sa sakit at
dumaing, O Dalagang Sion, tulad ng isang ba-
baeng nanganganak, pagkat aalis ka ngayon sa
siyudad at sa parang titira. Pupunta ka sa Babi-
lonia; doon ka maliligtas, sasagipin ka ni Yawe
sa kamay ng iyong mga kaaway.

11 Ngunit nagkakatipon ngayon ang mara-
ming bansa laban sa iyo; sinasabi nilang: “La-
pastanganin ang Jerusalem, papagnasain ang
ating mga mata sa Sion.” 12 Ngunit hindi nila
alam ang iniisip ni Yawe, o nauunawaan ang
kanyang balak: na sila'y inipon niyang parang
mga uhay sa giikan.

13 Bumangon ka at gumiik, O Dalagang Sion,
pagkat bibigyan kita ng mga sungay na bakal at
mga tansong kuko sa paa, at dudurugin mo ang
maraming bayan. Itatalaga mo kay Yawe ang
kanilang mga sinamsam, sa Panginoon ng
sangkalupaan ang kanilang mga kayamanan.

14 Patatagin ang mga pader ng iyong kuta,
pagkat sinasalakay nila tayo. Gusto nilang ham-
pasin ng pamalong bakal ang pisngi ng namu-
muno sa Israel.

**Ngunit ikaw, Betlehem Efrata**

5 • 1 Ngunit kahit na pinakamaliit ka,
Betlehem Efrata, sa mga angkan ng
Juda, mula sa iyo ko ibabangon ang si-
yang mamumuno sa Israel. Manggagaling
siya sa dati, sa kauna-unahang panahon.

2 Kayat iiwan ni Yawe ang Israel hang-
gang makapanganak ang manganganak.
At babalik sa bayang Israel ang nalabi sa
kanyang mga kapatid.

3 Titindig siya upang magpastol sa la-
kas ni Yawe, sa dakilang Pangalan ni
Yaweng kanyang Diyos. Panatag na sila
habang natatanyag siya hanggang sa
mga dulo ng lupa. 4 At siya ang magiging
Kapayapaan.

Kapag sinalakay ng mga Asirio ang ating lupain
at tumapak sa ating teritoryo,
ang pitong pastol ang ihaharap natin laban sa kanila,
walong pinuno ng mga tao.
5 Paghaharian nila sa tabak ang Asiria
at sa patalim ang lupaing Nimrod.
Palalayain nila tayo sa mga Asirio
pagsalakay nila sa ating lupain,
pagtapak nila sa ating mga hanggahan.
6 At sa piling ng maraming bansa,
matutulad sa hamog na galing kay Yawe
ang nalabi ng Jacob,
na tulad ng ambong pumapatak sa damo.
Pagkat hindi na sa tao sila mananalig,
o magtitiwala sa taong may kamatayan.
7 Kaya sa piling ng maraming bayan,
matutulad sa leon sa mga hayop sa gubat
ang nalabi ng Jacob,

---

• **5**.1 *Ngunit... Betlehem Efrata, mula sa iyo ko ibabangon ang siyang mamumuno sa Israel.* Ibig sabihi'y sa angkan ni David magmumula ang Mesiyas, na sa Betlehem nakaugat. Hindi malinaw kung dapat ba siyang ipanganak sa Betlehem kahit na parang pinag-iiba ni Mikeas ang mapayapang haring ito na ipinanganak sa isang bayan sa probinsiya at ang mga haring walang silbi na nasa kapitolyo. Pero nang sumunod na panahon, naintindihan ito ng marami na sa Betlehem dapat ipanganak ang Mesiyas: tingnan ang Jn 7:42. Ipinapakita ng ebanghelyo ni Mateo kung paano nagkatotoo ang propesiyang ito sa kapanganakan ni Jesus (Mt 2:6).

na tulad ng batang leon sa kawan ng mga tupa,
at walang makapagliligtas sa nilalapa't niluluray.
8 Durugin mo ang iyong mga kalaban
at malilipol ang iyong mga kaaway.
9 Sa araw na iyon – sabi ni Yawe –
itataboy ko ang iyong mga kabayo,
sisirain ko ang iyong mga karwahe.
10 Wawasakin ko ang iyong mga lungsod
at gigibain ang iyong mga tanggulan.
11 Palalayasin ko ang iyong mga mangkukulam,
at di ka na manghuhula,
12 aalisin ko ang iyong nililok na mga imahen,
ang mga sagradong bato sa piling mo,
upang huwag mo nang sambahin ang ginawa ng kamay mo.
13 Itutumba ko ang mga sagrado mong haligi
at dudurugin ang lahat mong diyus-diyusan.
14 Nag-aapoy sa galit na maghihiganti ako
sa mga bansang sumuway sa akin.

**O bayan ko, ano ba'ng ginawa ko sa iyo?**

**6** • 1 Pakinggan ang sinabi sa akin ni
Yawe: "Tumindig ka, iharap mo sa
mga bundok ang iyong usapin at sa mga
burol ang iyong katwiran."
2 Dinggin, mga bundok, ang sumbat ni
Yawe! Makinig, mga pundasyon ng lupa!
Pagkat may usapin si Yawe laban sa
kanyang bayan, at isinasakdal niya ang
Israel.
3 "Bayan ko, ano'ng ginawa ko sa iyo?
Paano ako naging pabigat sa iyo? Sagutin
mo ako.
4 Inilabas kita mula sa Ehipto, tinubos
sa lupain ng pagkaalipin; ipinadala ko
sina Moises, Aaron at Miriam upang manguna sa iyo.
5 O bayan ko, alalahanin ang plano ni
Balak na hari ng Moab, at ang sagot sa
kanya ni Balaam na anak ni Beor. Alalahanin ang iyong paglalakbay mula Sitim
hanggang Gilgal upang makilala mo ang
mga daang matuwid ni Yawe."
6 "Ano'ng dadalhin ko pagpunta kay
Yawe at pagyuko sa Kataas-taasan? Magdadala ba ako ng mga sinunog na handog, ng mga guya?
7 Masisiyahan ba si
Yawe sa libu-libong lalaking tupa, sa naguumapaw na mga handog na langis?
Iaalay ko ba ang aking panganay para sa
aking pagkakasala, ang bunga ng aking
katawan para sa aking pagkakamali?"
8 "Tao, nasabi na sa iyo kung ano ang
mabuti at kung ano ang gusto ni Yawe:
maging makatarungan, maawain, at pakumbabang lumakad kasama ng iyong
Diyos.

9 Tumatawag sa lunsod ang tinig ni Yawe;
ililigtas nga niya ang may pitagan sa kanyang
Pangalan.
10 May kayamanan kayong kinamal sa masamang paraan at may kulang na takalang
isinumpa.
11 Tatanggapin ko ba ang gumagamit
ng madadayang timbangan at may mga huwad
na pabigat sa kanyang bulsa?
12 O lunsod ng mayayamang puno ng karahasan, ng mga taong sinungaling at mga dilang
mapanlinlang!
13 Masdan, hinahampas kita
nang matindi, winawasak kita dahil sa iyong
mga kasalanan.
14 Kakain ka pero hindi mabubusog, at patuloy na kakalam ang sikmura mo.
Mag-iipon ka ngunit wala kang maililigtas, at
ibibigay ko naman sa tabak ang iniligtas mo.
15 Magtatanim ka ngunit hindi mag-aani. Pipigain mo ang mga olibo ngunit hindi mo maipapahid sa sarili ang langis. Pipisain mo ang mga
ubas ngunit hindi mo maiinom ang alak.

---

• **6.1** *Bayan ko, ano'ng ginawa ko sa iyo? Paano ako naging pabigat sa iyo?* Nakikipagtalo si Yawe sa kanyang bayan. Ito ang pag-ibig ng Diyos sa harap ng pagwawalang-halaga ng kanyang bayan.

Hindi na alam ng mga Judio ang gusto ng Diyos. Kung sila man ay nagigipit o nahihilig sa relihiyon, mga mamahaling bagay ang kanilang iniisip: mga handog, mga hain at kahit na ang pag-aalay ng kanilang mga anak ayon sa kaugalian ng mga pagano.

*Maging makatarungan, maawain at pakumbabang lumakad kasama ng iyong Diyos.* Maikli at maliwanag ang sagot ng Diyos:

– Maging makatarungan, na siyang sinasabi ni Amos.

– Maging maawain, na mensahe naman ni Oseas (2:21).

– Pakumbabang lumakad kasama ng iyong Diyos, na binibigyang-buod ni Isaias.

*Nagtatapos ang aklat sa mga tula ng pag-asa na saka na lamang idinagdag sa panahon ng Pagkatapon. Katulad ng Habakuk ang katapusan (7:7): alam ng matuwid na habang naghahari ang kasamaan, kailangang umasa siya sa katarungan ng Diyos.*

16 Sinusunod mo ang mga utos ni Omri at
lahat ng mga gawain sa sambahayan ni Ahab.
Kaya wawasakin kita para kutyain ang mga
mamamayan mo at hamakin ng mga bansa.

7 1 Lubha akong nalulungkot! Pagkat para
akong namimitas ng bunga sa tag-araw,
parang namumulot sa ubasan; wala namang
makaing ubas, walang mga unang bunga ng
igos na gustung-gusto ko.
2 Naglaho sa lupa ang mga makadiyos, at
wala isa mang matuwid na taong matagpuan.
Lahat ay nag-aabang na magpadanak ng dugo,
nag-uumang ng bitag sa kanyang kapatid. 3 Sa-
nay ang kanilang mga kamay sa paggawa ng
masama. Nanghihingi ng regalo ang pinuno,
tumatanggap ng lagay ang hukom, at naipa-
pasya ng makapangyarihan ang anumang
gustuhin. 4 Parang dawag ang kanilang kabu-
tihang-loob, masahol pa sa tinikan ang kanilang
katarungan.
Ngunit dumating na ang panahon ng pagpa-
parusa ayon sa ipinahayag ng iyong mga ban-
tay, at ngayon ang panahon ng pagkalito.
5 Huwag maniwala sa kasamahan ni magti-
wala sa kaibigan. Mag-ingat sa pakikipag-usap
sa babaeng kasiping sa higaan. 6 Pagkat nan-
loloko sa ama ang anak na lalaki, nagrerebelde
sa ina ang anak na babae at sa biyenang babae
ang manugang na babae. Kaaway ng bawat isa
ang kanyang mga kasambahay.
7 Ako nama'y umaasang maghihintay kay
Yawe, sa Diyos na nagliligtas sa akin. Diringgin
ako ng aking Diyos.

**Tula ng pagkatapon – Babangon ang Jerusalem**

8 Huwag mo akong pagtawanan, kaaway ko.
Mabuwal man ako, muli akong babangon. Nasa
karimlan man ako ngayon, si Yawe ang aking
liwanag.
9 Titiisin ko ang galit ni Yawe pagkat nag-
kasala ako sa kanya ngunit susuriin niya ang
aking usapin at ipagtatanggol ang aking mga
karapatan. Dadalhin niya ako sa liwanag at
madarama ko ang kanyang katarungan.
10 Makakikita rin ang aking kaaway, at ma-
babalot siya ng kahihiyan. Di ba't sinabi ng
babaeng ito: "Nasaan si Yaweng Diyos mo?"
Malilibang ang aking mata sa pagkakitang niyu-
yurakan siyang parang putik sa lansangan.
11 Dumarating ang araw na itatayong muli
ang iyong mga pader at palalawakin ang iyong
mga hanggahan. 12 Sa araw na iyon, pupunta-
han ka ng mga tao mula sa Asiria hanggang
Ehipto, mula Tiro hanggang sa Ilog, mula sa
magkabilang dagat at mula sa bundok hang-
gang sa kabilang bundok. 13 At matitiwangwang
naman ang lupa dahil sa mga tagaroon at sa
kanilang mga gawa.
14 Ipastol mo ang iyong bayan na hawak ang
iyong tungkod, ang iyong kawang tulad ng nag-
iisang palumpong sa mayamang pastulan.
Manginain sila sa Basan at Galaad gaya noong
una. 15 Ipakita sa amin ang kahanga-hanga
mong gawa nang ilabas mo kami mula sa Ehipto.
16 Mapapahiya ang mga bansa pagkakita nito sa
kabila ng kanilang kapangyarihan. Matatahimik
sila at hindi makapaniwala sa balita.
17 Hihimurin nila ang alikabok gaya ng ahas,
tulad ng gumagapang sa lupa. Lalabas silang
nanginginig mula sa kanilang mga tanggulan sa
laki ng takot sa iyo.
18 Sino ang diyos na tulad mo, na nag-aalis ng
pagkakasala at nagpapatawad ng kasalanan ng
nalabi sa kanyang pamana? Hindi nga nagta-
tagal ang iyong galit at kinalulugdan mo ang
pagkahabag.
19 Minsan ka pang mahahabag sa amin at yura-
kan ang aming mga pagkukulang at ihagis sa
kailaliman ng dagat ang lahat naming pagka-
kasala.
20 Ipakita sa amin ang iyong katapatan kay
Jacob, ang iyong awa kay Abraham, gaya ng
isinumpa mo sa aming mga ninuno noon pang
una.